



Protecting Blue Whales and Blue Skies is a partnership for cleaner air, safer whales, and quieter oceans

Santa Barbara County
Air Pollution Control District

Ventura County
Air Pollution Control District

Bay Area Air Quality
Management District

Channel Islands
National Marine Sanctuary

Cordell Bank
National Marine Sanctuary

Greater Farallones
National Marine Sanctuary

National Marine
Sanctuary Foundation

California Marine Sanctuary
Foundation

The Volgenau Foundation
Environmental Defense Center

PARA SA AGARANG PAGLALATHALA

Mayo 19, 2020

Mga Contact:

Lyz Hoffman, Santa Barbara County Air Pollution Control District, 805-961-8819

Dr. Laki Tisopulos, Ventura County Air Pollution Control District, 805-645-1440

Ralph Borrmann, Bay Area Air Quality Management District, 415-760-0285

Sean Hastings, Channel Islands National Marine Sanctuary, 805-705-1790

Mary Jane Schramm, Greater Farallones & Cordell Bank National Marine Sanctuaries, 415-319-1399

Kristen Hislop, Environmental Defense Center, (805) 963-1622

Lisa Volgenau, The Volgenau Foundation, (703) 407-3738

Labinglimang pandaigdigang shipping company ang nagpabagal sa mga cargo ship nang 99,000 nautical miles sa 2019 na programa sa karagatan ng California para protektahan ang mga blue whale at asul na kalangitan
Ang programa ay patuloy na lumalawak at nakakakamit ng higit pang benepisyo sa kapaligiran

SANTA BARBARA CHANNEL REGION at SAN FRANCISCO BAY AREA, Calif. — Inanunsyo ng mga magkatuwang sa iisang inisyatiba na mabawasan ang pagpaparumi sa hangin at maprotektahan ang mga nanganganib na balyena, ang mga resulta mula sa 2019 na programa at kinilala nito ang 15 shipping company na lumahok, na nagpabagal nang 10 knot o mas mababa pa sa rehiyon ng San Francisco Bay Area at Santa Barbara Channel. Tumakbo ang boluntaryong programang insentibo mula Mayo 15, 2019 hanggang Nobyembre 15, 2019. Umaasa ang magkatuwang na mas kilalanin pa ang mga kumpanya sa isang seremonya sa Port of Hueneme sa huling bahagi ng taon na ito, depende sa mga alituntunin sa pampublikong kalusugan hinggil sa COVID-19 pandemic.

Nagkatanggap ang mga shipping company ng pagkilala at mga pinansyal na award batay sa porsyento ng nilakbay na distansya sa barko ng mga ito sa pamamagitan ng mga zone sa Pagpapabagal sa Barko (Vessel Speed Reduction, VSR) sa 10 knot o mas mababa, nang may average na bilis na 12 knot o mas mababa. (Ang average na bilis ng baseline sa mga kalahok na barko bago ang mga programang insentibo ay humigit-kumulang 15 knot sa mga VSR zone.) Sinusunod na 10 knot na target ang kahilingan ng Pambansang Kawanian sa Karagatan at Kalangitan (National Oceanic and Atmospheric Administration, NOAA) para sa lahat ng barko (300 kabuuang tonelada o mas malaki) na bagalan ang pagpapatakbo sa panahon ng pagdami ng nanganganib na blue, humpback, at fin whale para protektahan ang mga balyenang ito mula sa mga nakakamatay na pagbangga sa barko.

Tinukoy ng NOAA ang mga pagbangga sa barko bilang pangunahing dahilan ng pagkamatay; at isang pangunahing priyoridad ng NOAA ang pagpapababa sa mga pagkamatay na ito, kung saan kasama ang mga pambansang santuwaryong pandagat ng NOAA sa West Coast. Mula 2007-2019, umabot sa 48 ang naisadokumentong pagkamatay ng mga nanganganib na balyena, at posibleng nakikita lang natin ang maliit na bahagi ng kabuuang dami ng pagbangga sa barko taon-taon.

Ang panahon ng programa ay kasabay din ng panahon kung kailan karaniwang mataas ang konsentrasyon ng ground-level ozone (ulap-usok). Ang target na 10 knot ay nagbibigay-daan sa mga barko na maglayag sa isang nararapat na kargada sa pagpapatakbo gamit ang mas kaunting gasolina at mas hindi matinding polusyon. Ang mga barkong naglalayag sa karagatan na dumaraan sa karagatan ng California ay naglalabas ng mga nitrogen oxide (NOx, isa sa pinagmumulan ng ulap-usok), sulfur oxide (SOx), polusyon ng particle, at gas ng greenhouse. Ang mga barkong ito ang dahilan ng mahigit sa 200 tonelada ng NOx kada araw na ibinubuga sa karagatan ng California, na nakakaapekto sa mga antas ng ozone sa dagat sa maraming rehiyon ng estado. Hindi natutugunan ng malaking bahagi ng Los Angeles (kasama ang Ventura County), San Diego, at San Francisco Bay area ang pang-estado at/o pederal na mga pamantayan sa kalidad ng hangin para sa ozone.

Ang programa ay isang kolaboratibong pagsisikap ng mga sumusunod na ahensya at organisasyon:

- Distrito ng Pagkontrol sa Pagpaparumi sa Hangin ng Santa Barbara County/Ventura County Air Pollution Control District Bay Area Air Quality Management District
- Pambansang Santuwaryong Pandagat ng Channel Islands
- Pambansang Santuwaryong Pandagat ng Greater Farallones
- Pambansang Santuwaryong Pandagat ng Pampang ng Cordell
- Volgenau Foundation
- Foundation ng Santuwaryong Pandagat ng California/National Marine Sanctuary Foundation/Environmental Defense Center

Bumuo ang mga magkatuwang sa programa ng apat na tier ng award para kilalanin ang mga kalahok na kumpanya batay sa porsyento ng distansya inilayag ng kanilang fleet sa mga VSR zone at mga bilis ng 10 knot o mas mabagal. Ang apat na tier ng award ay Sapphire (75-100% ng kabuuang distansya ng fleet sa mga VSR zone na inilayag sa 10 knot o mas mabagal), Gold (50-74%), Silver (25-49%), at Bronze (10-24%). Patuloy na ipinapadala ng mga transponder ng Awtomatikong Sistema ng Pagtukoy (Automatic Identification System, AIS) sa bawat barko ang bilis, patutunguhan, at lokasyon ng barko. Sinusuri ang bawat data ng AIS para sa bawat fleet at tinutukoy ang ayon sa tier ang performance ng kumpanya. Binibigyan ng pinansyal na insentibo ang mga kumpanyang mapapabilang sa Gold o Sapphire na antas. Nasa ibaba ang tier ng award na nakuha ng bawat kalahok na kumpanya:

Sapphire

MSC (Mediterranean Shipping Company) Hapag-Lloyd	GALI (Great American Lines, Inc) Polynesia Line
---	--

Gold

COSCO	NYK Ro-Ro
Evergreen	Maersk
"K" Line	PIL (Pacific International Lines)
CMA CGM	

Silver

Yang Ming	Hyundai Glovis
-----------	----------------

Bronze

ONE (Ocean Network Express)	Matson
-----------------------------	--------

Malinaw na naabot ng Mediterranean Shipping Company at Hapag-Lloyd ang tier na Sapphire sa kategoryang malaking kumpanya (mas marami sa 30 paglalayag) sa parehong rehiyon sa pamamagitan ng pagbagal ng mahigit sa 400 paglalayag, nang pinagsama. Nakamit ng Polynesia Line at GALI ang tier na Sapphire sa kategoryang maliit na kumpanya (mas mababa sa 30 paglalayag) sa parehong rehiyon. Para sa kanilang hindi matatawarang dedikasyon, nakakamit ng lahat ng apat na kumpanyang ito ng Whale Tail award na Pagprotekta ng Mga Blue Whale at Asul na Kalangitan.

Patuloy na lumalawak ang insentibong programang ito ng VSR pagdating sa saklaw at mga benepisyo sa kapaligiran kada taon, kasama ang 2019, na namarkahan bilang ikalimang taon. Kasama sa mga tampok ng 2019 na programa ang:

- Sa halos 180,000 nautical mile ng karagatan kung saan naglayag ang lahat ng barko sa programa, ang mahigit sa 99,000 nautical mile ay nasa 10 knot o mas mabagal.
- Ang mga barko sa programa, na naglalayag sa 100 nautical mile na VSR zone ng Santa Barbara Channel ay nakapaglayag ng 10 knot o mas mabagal pa, para sa 52% ng kabuuang milya ng inilayag. Noong 2018, ang 32% ng mga milyang iyon ay inilayag sa 10 knot o mas mabagal; noong 2017, 21% ng mga milyang iyon ang inilayag sa 10 knot o mas mabilis. Ipinapakita nito ang tumitinding dedikasyon ng mga kalahok na kumpanya sa paglipas mga panahon.
- Sa San Francisco Bay Area, na may 30 nautical mile na VSR zone, tumaas ng 65% ang kooperasyon sa 2019 mula sa mga kalahok na kumpanya. Noong 2017 at 2018, ang 50% ng kabuuang mga nautical mile ay inilayag sa 10 knot o mas mabagal pa.
- Ang mga insentibo ay mula \$2,000 hanggang \$50,000 kada kumpanya sa mga tier ng award na Gold at Sapphire.
- Limang kumpanya – COSCO, Evergreen, GALI, K Line, at Polynesia Line – ang malugod na tumanggi sa kanilang pinansyal na bayad sa insentibo. Ire-reinvest ang mga pondong iyon sa 2020 na programa.

Nagsimula ang 2020 na programa noong Mayo 15, 2020. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang www.ourair.org/air-pollution-marine-shipping.

Mga Pahayag mula sa Mga Katuwang sa Programa

Ayon sa Opisyal ng Pagkontrol sa Pagpaparumi sa Hangin ng Distrito ng Pagkontrol sa Pagpaparumi sa Hangin ng Ventura County na si Dr. Laki Tisopulos: “Salamat sa award na Pantulong na Proyekto sa Kalikasan (Supplemental Environmental Project) mula sa Tagatulong sa Hangin ng California (California Air Resources Board, CARB), ipinapakita ng 2019 na programang insentibo na ang patuloy na pagpopondo para sa pambuong fleet na insentibo ay puwedeng makakamit ng malalaking benepisyo para sa kalidad ng hangin sa rehiyon. Ang Ventura County ay may isa sa pinakamalinis na panahon ng ozone sa modernong kasaysayan sa 2019, at partikular na malaking salik dito ang mababang mga emisyon ng mga nitrogen oxide mula sa paglalayag sa Channel. Ang patuloy na pagpapatupad ng mga programang insentibo na boluntaryong pagpapabagal ng barko ay mahalaga para sa Ventura County, para

matugunan nito ang 2008 na pederal na mga pamantayan sa kalidad ng hangin para sa ozone ng ating naaayon sa batas na itinakdang taong 2021.”

Ayon sa Opisyal ng Pagkontrol sa Pagpaparumi sa Hangin ng Distrito ng Pagkontrol sa Pagpaparumi sa Hangin ng Santa Barbara County na si Aeron Arlin Genet: “Ang 2019 na Programang Insentibo na Pagpapabagal ng Barko ang aming pinakamatagumpay na taon hanggang sa kasalukuyan. Dahil sa pagdami ng mga kalahok na kumpanya at pagdoble ng ibinagal na nautical miles, nakamit ng programa ang pinakamalaking pagbawas ng emisyon hanggang sa kasalukuyan — dalawang beses na bawas sa pinagmulan ng ozone at mga gas ng greenhouse, kumpara sa 2018. Isa itong magandang halimbawa ng matagumpay na kolaborasyon ng mga lokal, pang-estado, pambansa, at internasyonal na organisasyong nagsama-sama para protektahan ang mga balyena at pahasayin ang kalidad ng hangin sa ating karagatan.”

Ayon sa Tagapagpaganap na Opisyal ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area na si Jack Broadbent: “Kapag nagsasama-sama ang mga pampubliko, pribado, at non-profit na organisasyon, mapapahusay natin ang pampublikong kalusugan at pati na rin ang kapaligiran. Magkakaroon ng benepisyo ang kalidad ng hangin at mga blue whale sa mas mabagal na paggalaw ng mga barko sa mga kritikal na coastal zone.”

Ayon sa Superintendent ng Pambansang Santuwaryong Pandagat ng Channel Islands na si Chris Mobley: “Ginagabayan kami ng Batas sa Pambansang Mga Santuwaryong Pandagat para gumawa ng mga modelo, at mga insentibo sa mga paraan para sa pagkonserba at pamamahala, kasama na ang mga inobatibong diskarte sa pamamahala. Ang inobatibo at nakabatay sa insentibo na programa na ito sa pagpapabagal ng barko, katuwang ang mga distrito ng county sa pamamahala ng hangin, ang industriya sa pagbabarko, iba pang ahensya, at NGO, ay nagsisilbing modelo para sa pagpapahusay ng kalusugan ng karagatan at mga tao habang nagpo-promote ng maipagpapatuloy na blue economy.”

Ayon sa Superintendent ng Pambansang Santuwaryong Pandagat ng Greater Farallones (at sa ngalan din ng Pambansang Santuwaryong Pandagat ng Pampang ng Cordell) na si Maria Brown: “Sa atin nakadepende sa ating lahat ang pananatiling buhay ng mga nanganganib na balyenang ito. Ang tagumpay ng programang ito ay nakasalalay sa kahandaan ng industriya ng pagbabarko na pahasayin ang konserbasyon sa mga balyena at pagpo-promote ng mas malinis na hangin, habang nagsasagawa ng komersyo, sa pakikipagtulungan sa mga ahensya at non-profit. Sa pamamagitan ng pagtutulongan, makakatiyak tayo na patuloy na mabubuhay sa planetang ito ang mga blue, fin, at humpback whale.”

Ayon sa Direktor ng Programa Pagkonserba sa Dagat ng Environmental Defense Center na si Kristen Hislop: “Natutuwa ang Environmental Defense Center (EDC) na makakita ng pag-unlad sa programang ito, na makikita kada taon na mayroon itong hindi mapapantayang pinagsamang halaga sa kalidad ng hangin sa rehiyon at sa pagprotekta sa mga nanganganib na balyena. Sa pagpasok nito sa ikaanim na taon, ipinagpapatuloy namin ang mga pagsisikap para makumbinsi ang ating mga nahalal na opisyal na karapat-dapat ang programang ito sa patuloy na pagpopondo.”

Ayon sa Pangalawang Pangulo at Direktor ng Lupon ng Volgenau Foundation na si Lisa Volgenau: “Ipinagmamalaki naming maging bahagi ng pagtutulongan na ito na tumutulong sa pagpapahusay ng kalidad ng hangin at pagprotekta sa mga species sa dagat, partikular na sa mga nanganganib na balyena. Kada taon, ang dumaraming paglahok ng mga shipping company ay nag-aambag sa layunin ng naipagpapatuloy na resulta. Partikular kaming nagpapasalamat sa mga kumpanyang tumanggi sa kanilang mga insentibo, na ganap na nagpapakita ng kanilang suporta sa pagkonserba sa karagatan. Umaasa kaming marami pa ang susunod sa kanilang dedikasyon para pahasayin nang husto ang kalusugan ng karagatan at mga tao para sa mga susunod na henerasyon.”